



LIGTAS AT HINDI LIGTAS NA PAG-UUGALI SA FOOTY

ANO ANG MAAASAHAN KO MULA SA MGA TAONG MAY HUSTONG GULANG NA NASA FOOTY?

Dapat kang makaramdam na ligtas at mainit na tinatanggap kapag nasa footy, bago, habang at pagkatapos ng laro, sa loob at labas ng field. Nais ka naming maging ligtas, makaramdam na ligtas, maglaro nang ligtas.

Lahat ng mga taong may hustong gulang ay inaasahang tutulong na maisakatuparan ito sa pamamagitan ng pag-uugali na ligtas, naaangkop, nag-eengganyong patuloy kang bumalik at nagbibigay sa iyo ng malaking pagkakataong magtagumpay.

Kailangan mong malaman kung ano ang mga pag-uugaling ito, dahil hindi mo masasabi ang isang bagay kung hindi mo alam kung ano ang anyo nito.

PAG-IINGAT NG AFL SA CODE OF CONDUCT



MGA LIGTAS NA PAG-UUGALI

Contact

Pisikal na paghipo na normal lang sa footy at nangyayari sa harap ng ibang mga tao at MAYROONG pahintulot mo.

Maaring kabilang dito ang pag-tackle, pagpapakita ng mga kasanayan at diskarte, pag-iwas na masaktan o pagbibigay ng high five o tapik sa likod upang ipagdiwang ang pagkapanalo.

Komunikasyon

Patnubay na positibo, kapaki-pakinabang, at nakatuon sa iyong paglalaro ng footy, hindi sa iyo bilang isang tao.


Wikang mahinahon at mabait at madali mong maintindihan.

Online na komunikasyon na kinabibilangan ng iyong mga magulang/tagapag-alaga at ginagamit sa buong team.

Mga hangganan

Kung ang isang taong nasa hustong gulang ay may ligtas, o tamang mga hangganan, nangangahulugan ito na siya ay:

- tiniyak na nauunawaan mo ang kaniyang tungkulin
- kumikilos nang propesyonal – palakaibigan ngunit hindi isang kaibigan
- tinatrato nang patas ang bawat isa sa team
- sinusunod ang mga patakaran, halimbawa sa pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa iyo, o pagkuha lamang ng mga larawan mo kung may pahintulot mo at kapag ito ay tungkol sa footy
- laging kumikilos nang naaangkop kapag nasa paligid mo at ng iba pang mga bata at kabataan na kaniyang responsibilidad.



HINDI LIGTAS NA MGA PAG-UUGALI

Contact

Anumang paghipo na hindi mo pinayagan, o dahilan para hindi ka maging komportable.

Anumang paghipo na may pagkasekswal, may kinalaman sa iyong mga maseselang bahagi, o nagpapahiya sa iyo.

Anumang paghipo na nangyayari sa isang pribadong lugar tulad ng mgachangeroom (silid-bihisan) o sasakyan.

Komunikasyon

Anumang wika o komunikasyon na dahilan para hindi ka maging komportable, nag-aalala, natatakot o napapahiya.

Anumang komento na sekswal o dapat pribado sa online o harap-harapan.

Anumang kontak sa iyo na nangyayari sa labas ng mga aktibidad na nauugnay sa footy (tulad ng hatinggabi), sa pamamagitan ng mga private chat platform (tulad ng mga social o pag-text), ay sobra na o malabis, o tungkol sa mga personal na bagay na walang kinalaman sa footy.

Mga hangganan

Kapag ang isang taong may hustong gulang ay may hindi ligtas, o hindi tamang mga hangganan, nangangahulugan ito na siya ay:

- pinapaboran, inihihiwalay o kinukursunada ka
- tinatanggap o binibigyan ka ng mga regalo o ang iyong pamilya
- kinokontak ka sa labas ng mga aktibidad sa football, kabilang na ang social media
- nag-aalok ng tulong sa iyo at sa iyong pamilya na labas na sa kaniyang tungkulin (tumutulong sa bahay / pera / pagbili sa kanila ng kung anu-ano).

✓ MGA LIGTAS NA PAG-UUGALI

Pangangasiwa

Ang mga taong nasa hustong gulang na may tungkuling pangasiwaan ka sa footy ay dapat:

- laging alam kung nasaan ka sa lahat ng oras
- binibigyan ka ng privacy (pagkapribado) para magamit ang banyo o mga change-room (silid-bihisan), pero tinitiyak pa rin na ligtas ka
- sinasamahan kang maghintay hanggang sa ikaw ay masundo
- nag-aalok lamang na ihatid ka kung dala niya ang kaniyang lisensya at ang kaniyang sasakyan ay may seguro at alam ito ng iyong pamilya at isa pang tao mula sa club.

Kapaligiran

Ang ligtas na kapaligiran para sa mga bata at kabataan sa footy ay:

- isang lugar na maaaring ma-access ng mga taong nagmula sa iba't ibang kulturang kinagisnan at komportableng ma-access ito
- mga footy trip na masaya ngunit ligtas pa rin para daluhan ng mga bata at kabataan
- mga kampo kung saan binibigyan ka ng pagkapribado, mainit kang tinatanggap at nakakatawag ka sa inyo kung kailangan mo
- mga silid-bihisan at kubeta sa lugar-palaruan na angkop para sa anumang kasarian
- mga online space kung saan ang komunikasyon ay bukas sa lahat at walang itinatago at maaaring subaybayan ng ibang mga taong nasa hustong gulang.

✗ HINDI LIGTAS NA MGA PAG-UUGALI

Pangangasiwa

Ang mga taong nasa hustong gulang na may tungkuling pangasiwaan ka sa footy ay dapat:

- hindi madaling magambala ng kaniyang mga telepono o ng ibang tao
- hindi hinahayaang gumamit ng banyo ang malilit na bata nang hindi tinitiyak muna kung walang mga panganib
- hindi ka hinahayaang maghintay nang mag-isa, kahit na natatagalan kang sunduin
- hindi magmamaneho para sa mga bata at kabataan nang walang pahintulot o kung nakainom ng alak at humithit ng droga.

Kapaligiran

Ang hindi ligtas na kapaligiran para sa mga bata at kabataan sa footy ay:

- isang lugar na mahirap ma-access ng mga bata at kabataang may mga kapansanan o kung saan ang mga taong may iba't ibang kulturang kinagisnan ay nakakaramdam na hindi kasali
- mga pagbibiyahang para maglaro ng footy na may halong inuman o droga at madaling humantong sa gulo kung walang mga taong nasa hustong gulang na nagbabantay sa iyo o sa ibang mga bata o kabataan
- mga kampo kung saan ikaw ay pinaparusan, pinapahiya o ipinaparamdam ang pangungulila at pagiging hindi komportable
- mga silid-bihisan at kubeta sa lugar ng palaruan na walang pagkapribado at ang mga bata, kabataan at mga taong kinikilala bilang nagpalit ng kasarian (transgender) o walang tukoy na kasarian (non-binary) ay nakakaramdam nang hindi ligtas
- mga online space kung saan ang komunikasyon ay one-on-one, personal at ginagamit upang magbahagi ng hindi naaangkop na materyal na walang kinalaman sa footy.

MAGSALITA KA

Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa iyong kaligtasan o sa kaligtasan ng iba pang bata o kabataan, o nakakita o nakarinig ka ng isang bagay na parang hindi tama, mahalagang magsalita ka:



Makipag-usap sa isang magulang, tagapag-alaga, miyembro ng pamilya o pinagkakatiwalaang taong nasa hustong gulang tulad ng isang coach, tagapamahala ng team, reperi, opisyal o kinatawan ng club.



Isulat ang iyong mga alalahanin at ipasa ang mga ito sa iyong club o samahan sa pamamagitan ng email o liham.



Gamitin ang QR code na ito para maipalam ang iyong alalahanin sa AFL.



Para sa anumang tanong tungkol sa safeguarding, mag-email sa childsafety@afi.com.au
Kontakin ang Kids helpline sa 1800 55 1800 (wala itong bayad) o www.kidshelpline.com.au

Gaya ng karaniwang ginagawa, kung mayroong sinumang nasa panganib, kontakin ang pulisya sa **000**